# Learning Activity Sheets (LAS) Blg. 2

**Pangalan:** ______________________________ **Baitang at Seksiyon:** ____________
**Petsa:** ______________________________ **Iskor:** _________________________

## GAWAING PAMPAGKATUTO SA ARALING PANLIPUNAN 7
## Nasyonalismo sa Timog at Kanlurang Asya

I. **Kasanayang Pampagkatuto at Koda**

Nasusuri ang mga salik, pangyayari at kahalagahan ng nasyonalismo sa pagbuo ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya (AP7TKA-IIId-1.8 (WEEK 3)

II. **Panimula (Susing Konsepto)**

Ang patuloy na paniniil ng mga dayuhang kanluranin sa mga taga Timog at kanlurang Asya ay nagbunga ng di magandang epekto sa pamumuhay ng mga Asyano na nagbigay daan sa pag-usbong ng damdaming nasyonalismo. Ang **nasyonalismo** ay damdaming makabayan na maipakikita sa matinding pagmamahal at pagpapahalaga sa bansa.

Maraming Asyano ang nagpamalas ng pagkamakabansa sa pamamagitan ng tahimik at marahas na pamamaraan upang bawiin ang kalayaan na dating tinatamasa ng kanilang mga ninuno.Ibinuwis ng ilang makabayang Asyano ang kanilang buhay upang muling makamit ang nawawalang kasarinlan ng kanilang bansa.

**Dalawang Uri ng Nasyonalismo**

- **Defensive Nationalism**-uri ng nasyonalismo na ipinagtatanggol ang bayan laban sa mga mananakop tulad ng ginawa ng mga Pilipino laban sa mga Kastila, Amerikano, at Hapon.
- **Aggressive Nationalism**- -Ito'y uri ng nasyonalismo na mapusok at layong makapanakop o mapalaki ang teritoryo ng kanilang bansa tulad na lamang na minsang ginawa ng mga Hapon sa ating bansa.

### Pag-Usbong Ng Nasyonalismo Sa Timog Asya:

**Nasyonalismo Sa India**

Ang pananakop ng mga Ingles sa India ang nagbigay-daan upang magising ang diwa ng nasyonalismo rito. Ibat-ibang wika at relihiyon ang namayani sa India subalit sila ay kumilos at nagkaisa upang umunlad at makabuo ng isang malayang bansa.

Sa India ay naging tanyag si Mohandas Gandhi na lumaban sa mga Ingles sa mapayapang paraan.

**Mga Salik na Nagbibigay Daan Sa Pag-usbong Ng Nasyonalismo Sa Timog Asya:**

- **Female Infanticide-** pagpatay sa mga batang babae upang hindi maging suliranin at pabigat sa mga magulang pagdating ng panahon na ito'y mag-asawa.
- **Suttee O Sati-** Ang pagsama ng balong babae sa pagsunog sa labi ng kanyang asawa hanggang mam
- **Rebelyong Sepoy** - Ang pag-aalsa ng mga sundalong Indian sa mga Ingles bilang pagtutol sa pagtatangi ng lahi o racial discrimination.
- **Amritsar Massacre** - Nasawi ang 379 katao at 1,200 namang sugatan sa pamamaril ng mga sundalong Ingles habang nasa isang selebrasyon ang mga ito noong Abril 13, 1919.

Nagkaroon naman ng hiwalay na pagkilos ang mga Indian dahil sa kanilang magkakaibang pananampalataya.Ito ay nagbunga sa pagkatatag ng ibat-ibang samahan.

- **<u>All Indian National Congress</u>**

  -Naitatag ito sa panig ng mga Hindu na ang layunin ay matamo ang kalayaan ng India.

- **<u>All Indian Muslim League</u>**

  -Naitatag noong 1906.Pinangunahan ito ni Ali Jinnah na kung saan ang interes ng mga Muslim ang binigyang pansin.Layunin ng mga kasapi nito na magkaroon ng hiwalay na estado para sa mga Muslim.

Taong 1935 nang pagkalooban ng mga Ingles ang mga Indian ng pagkakataong pamamahalaan ang kanilang bansa na naaayon sa mga patakarang Ingles.. Subalit hindi sila nasiyahan sa pagbabagong ito kung kaya't nagpatuloy sa paghingi ng kalayaan hanggang sa ito ay nakamtan noong Agosto 15, 1947. Lumaya ito sa kamay ng mga Ingles at pinamunuan ni Jawaharlal Nehru. Nabaril at napatay si Gandhi noong Enero 30, 1948 na hindi nagtagumpay sa kaniyang adhikain na mapagkasundo ang mga Hindu at Muslim. Kaalinsabay nito ang pagsilang ng bansang PAKISTAN na nabigyan din ng kalayaan sa ilalim naman ng pamumuno ni Mohammed Ali Jinnah.

**Nasyonalismo Sa Kanlurang Asya**

- Ang nasyonalismo sa Kanlurang Asya ay hindi katulad ng nasyonalismong naipakita ng mga bansa sa Timog Asya.
- Hindi agad naipakita ng mga bansa sa Kanlurang Asya ang nasyonalismo dahil karamihan sa mga bansa dito ay hawak ng dating malakas at matatag na imperyong Ottoman, bago pa man masakop ng mga Kanluraning bansa noong 1918. Ang nasyonalismo sa Kanlurang Asya ay pinasimulan ng mga Arabo, Iranian, at mga Turko bago pa man ang Unang Digmaang pandaigdig.
- Ang Kuwait ang isa sa mga bansa na unang lumaya sa Kanlurang Asya noong 1759 sa Imperyong Ottoman.
- Natamo naman ng Lebanon ang kanyang kalayaan mula sa imperyong Ottoman noong 1770, at noong 1926 ito ay naging ganap na republika sa ilalim ng mandato ng bansang France.
- Ang bansang Turkey ay humingi ng kalayaan sa pamumuno ni Mustafa Kemal na nagsulong sa pagkakaroon ng isang republika. Sa pamamagitan ng Kasunduang Lausanne noong 1923 naisilang ang Republika ng Turkey.
- Taong 1926 din ipinahayag ni Abdul ang sarili bilang hari ng Al Hijaz, matapos niyang malipol ang lahat ng teritoryo ay pinangalanan niya itong Saudi Arabia.

**Mga Salik Na Nagbibigay Daan Sa Pag-Usbong Ng Nasyonalismo Sa Kanlurang Asya:**

- Holocaust- ito ang sistematiko at malawakang pagpatay ng mga Nazi German sa mga Jew o Israelite.
- Sistemang Mandato - nangangahulugan ito na ang isang bansa na naghahanda upang maging isang malaya at nagsasariling bansa ay ipapasailalim muna sa patnubay ng isang bansang Europeo.
- Zionism- Ang pag-uwi sa lupain ng Palestine ng mga Jew mula sa iba't ibang panig ng daigdig.

**Mga Nasyonalista sa Timog at Kanlurang Asya**

Sa pagpapakita ng nasyonalismo sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya, nakilala ang mga lider nasyonalista na ngsilbing inspirasyon ng mga Asyano sa kanilang pamumuhay.

1. **Mohandas Karamchad Gandhi**
   - -Isang Hindu na nakapag-aral sa isang pamantasan sa England. Nakapagtrabaho sa South Africa. Siya ang namuno upang ipaglaban ang hinaing ng mga Indian laban sa mga mananakop na Ingles. Naging Inspirasyon ng marami dahil sa kaniyang katangi-tanging tahimik na pamamaraan ng pagtutol upang matamo ng India ang Kalayaan. Nakilala siya bilang **Mahatma o "Dakilang Kaluluwa**".Tinuruan niya ang mga mamamayan na humingi ng kalayaan na hindi gagamit ng karahasan, dahil naniniwala si Gandhi sa **Ahimsa** (*lakas ng kaluluwa*) at **Satyagraha** sa pakikipaglaban. Hindi rin

niya sinang-ayunan ang pagtatangi sa untouchables at sati na para sa mga kababaihan. Labas masok man sa piitan ay hindi pa rin siya natakot. Sa halip ay nagpatuloy pa rin si Gandhi sa kaniyang mapayapang pakikibaka hanggang sa makamit ng mga Indian ang kanilang kalayaan

2. **Mohamed Ali Jinnah**

   Nakilala siya bilang "Ama ng Pakistan",isang abogado at pandaigdigang lider. Ipinanganak noong Disyembre 25, 1876, sa Karachi, Pakistan. Namuno sa Muslim League noong 1905. Layunin ng samahan ang magkaroon ng hiwalay na estado para sa mga Muslim.
   Namuno siya upang ang Pakistan ay lumaya mula sa India at noong Agosto 14, 1947 ipinagkaloob ang kalayaan ng Pakistan. Siya ang itinanghal na kauna - unahang gobernador heneral ng Pakistan.
   Namatay si Mohamed Ali Jinnah noong Setyembre 11, 1948.

3. **Mustafa Kemal Ataturk**

   Siya ang nagbigay-daan sa kalayaan ng TURKEY sa kabila na ang bansang ito ay binalak paghati-hatian ng mga Kanluraning bansa tulad ng France, Great Britain, Greece, at Armenia.Tumawag ng halalang pambansa at hiwalay na parliament at dito nagsilbi bilang tagapagsalita. Noong Hulyo 24, 1923, Ang Grand National Assembly kasama ang mga kanluranin ay lumagda sa isang kasunduan na tinawag na **Treaty of Luasanne** na kumikilala ng kalayaan ng Turkey.
   Siya ang unang nahalal na pinuno ng Bagong Republika. Tinawag siyang **Ataturk** na nangangahulugang Ama ng mga Turko.

4. **Ibn Saud**

   Kauna-unahang hari ng Saudi Arabia. Isinilang noong Nobyembre 24,1880 sa Riyadh, anak ni Abdul Rahman Bin Faisal. Ang kaniyang pamilya ay kabilang sa mga pinunong tradisyunal ng kilusang wahhabi ng Islam (ultra orthodox).Sa kanyang pamumuno naging neutral sa panahon ng ikalawang digmaang pandaigdig ang Saudi Arabia.Pinatunayan niya na ang pagmimina ng langis sa bansa ang ay malaki ang naitulong upang ito ay magkaroon ng pambansang pag-unlad. Matapos ang Unang Digmaang Pandaigdig, sinikap ng mga Ingles na mapalapit sa kaniya, ngunit di ito nagtagumpay sa halip ay pinaboran ang kaniyang katunggali na si Husayn Ibn Ali ng Hejaz. Taong 1924-1925 napabagsak ni Ibn Saud si Husayn at iprinoklama ang kaniyang sarili bilang hari ng Hejaz at Nejd. Pagkatapos matipon ang halos kabuuan ng Tangway Arabia taong 1932 binigyan ni Ibn Saud ang kaniyang kaharian ng bagong pangalan bilang Kingdom of Saudi Arabia.

## III. Sanggunian

Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba, Araling Panlipunan: Modyul para sa mga Mag – aaral, pahina 226 – 229.

## IV. Mga Gawain

**Gawain I. Talahanayan, Iyong Punan**

Panuto: Punan ng datos ang talahanayan sa ibaba.

| **Mga Lider nasyonalista sa Timog/ Kanlurang Asya** | **Bansa** | **Taguri/ Bansag** | **Papel na ginampanan sa pagkamit ng nasyonalismo** | **Layunin** |
|---|---|---|---|---|
| **Mohandas Gandhi** | | | | |
| **Ali Jinnah** | | | | |
| **Mustafa Kemal** | | | | |
| **Ibn Saud** | | | | |

**Pamprosesong mga Tanong:**

1. Paano nagkakatulad at nagkakaiba ang mga lider Nasyonalista sa Timog at Kanlurang Asya?

________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________.

2. Magbigay ng lider na Pilipino na may kahalintulad na katangian sa mga nabanggit na lider sa Timog at Kanlurang Asya?

________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________.

**Gawain 2. Performance Task - Spoken Poetry**

Panuto: 1. Gumawa ng isang spoken poetry tungkol sa Nasyonalismo o pagmamahal sa bayan. Maaaring magpatulong sa mga kasama sa bahay sa paggawa ng gawain na ito. Maaaring pumili kung pasulat o pasalita ang gagawing spoken poetry.Kung ang iyong napili ay pasulat, ipasa ang output sa iyong eskwelahan. Kung ang iyong napili ay pasalita, i-video o i-record ang output at ipasa ito sa pamamagitan ng Messenger/ Email .Ang pagmamarka ay batay sa rubrik na nasa ibaba.

| **Dimensyon** | **4-5 puntos** | **2-3 puntos** | **1 puntos** | **Puntos** |
|---|---|---|---|---|
| **Nilalaman** | Kumpleto at akma ang mga pahayag at salitang ginamit | Bahagyang may kinalaman ang mga pahayag | Hindi kumpleto at hindi akma ang mga nasa pahayag at salitang ginamit | |
| **Pagkamalikhain** | Gumamit ng malikhaing istilo sa paggawa ng spoken poetry | Bahagyang gumamit ng malikhaing istilo sa paggawa ng spoken poetry | Hindi gumamit ng malikhaing istilo sa paggawa ng spoken poetry | |
| **Presentasyon ng ideya** | Maayos at malinaw ang organisasyon ng mensahe | Maayos subalit may ilang ideya na hindi malinaw | Hindi maayos ang organisasyon ng ideya at mensahe | |
| **Impact** | Lubhang nakatawag ng atensyon ang nilalaman | Bahagyang nakatawag ng atensyon ang nilalaman | Walang dating ang nilalaman | |
| **Marka** | | | | |